



Fluorosis: Ipaliwanag sa iyong mga pasyente ang mga sintomas ng fluorosis, ang paggamot at ang pag-iwas dito.

Ang fluoride ay isang mineral na matatagpuan sa kalikasan na magagamit para protektahan ang enamel ng ngipin sa pamamagitan ng paghalo sa mga mineral sa ating mga ngipin para makabuo ng enamel na mas matibay at mas hindi tinatablan ng acid. Ang fluoride ay ginagamit sa dalawang paraan – ipinapasok sa katawan (systemic) at ipinapahid (topical).

- Tumatalab ang systemic fluoride kapag tumutubo ang iyong ngipin bilang isang sanggol at bata, at ini-ingest sa pagkain at tubig na may fluoride, gayundin sa mga supplement na inirereseta ng iyong dentista o pediatrician.
- Makikita ang ipinapahid na fluoride sa mga toothpaste at mouthwashe na may fluoride, kumikilos para protektahan ang iyong mga ngipin mula sa labas.

Sa kabilang mga benepisyo ng fluoride, ang labis na pagkakalantad sa mineral bilang sanggol at bata ay maaaring magresulta sa fluorosis, na nagbabago sa hitsura ng mga ngipin, kasama na ang pagkakaroon ng mga puting spot sa mga ngipin at/o batik-batik na mga ngipin.

Mga sintomas ng fluorosis

Sa pangkalahatan, makinis, glossy at creamy white ang hitsura ng mga ngipin. Magkakaiba ang pagiging malala ng fluorosis, mula sa banayad hanggang sa malala, pero kasama sa mga sintomas ng karaniwang fluorosis ang:

- Mga puting spot sa mga ngipin
- Mga itim na spot sa mga ngipin
- Mga puting guhit sa mga ngipin
- Mga discolored na ngipin
- Mga batik-batik na ngipin
- Mga baku-bakong ngipin

Paggamot sa fluorosis

Sa mga hindi malalang kaso ng fluorosis, hindi kailangan ng paggamot. Gayunpaman, sa mga mas malalang kaso, may ilang opsyon sa paggamot sa fluorosis na nakatuon sa pagpapaganda sa hitsura ng mga apektadong ngipin. Kasama sa mga opsyon sa paggamot sa fluorosis ang:

- Pagtatanggal ng mga mantsa sa pamamagitan ng pagpapaputi ng ngipin
- Pagdagdag ng matigas na resin coating sa ngipin na dumidikit sa enamel (kilala bilang bonding)
- Mga crown at veneer

Paano maiiwasan ang fluorosis

Ikonsulta sa iyong doktor o dentista kung gaano karaming fluoride ang nasa iyong pampublikong supply ng tubig. Ang pag-unawa kung gaano karaming fluoride ang nai-ingest ng iyong anak sa inuming tubig, mga soft drink at fruit juice ay makakatulong sa iyo at sa iyong dentista na magpasya kung kakailanganin ba ng fluoride supplement.

Maaaring magdulot ng pagduduwal, pagtatae at pananakit ng tiyan ang maraming fluoride kapag na-ingest ng isang bata, kaya palaging itabi sa ang mga produktong may fluoride tulad ng toothpaste at mouthwash.

Inirerekumenda naming subukan mo ang mga produktong ito:

☐ Oral-B Electric Rechargeable Toothbrush

☐ Crest at Oral-B Mouthwash:

☐ Oral-B Manu-manong Toothbrush

☐ Oral-B Floss:

☐ Crest Toothpaste

© 2018 P&G

life opens up when you do

